# Mga Panuntunan sa Ligtas at Masayang Pamamasyal

Ang Setyembre ay magandang panahon para sa outing o pamamasyal. Dahil sa kaaya-ayang panahon, maraming pamilya ang lumalabas upang mamasyal. Kung may sanggol o batang maliit na kasama, napakahalaga ang ibayong pag-iingat ng mga magulang o tagapag-alaga. Sa murang edad,likas na mausisa at mahilig silang maglibot at mag-explore. Dahil dito, maaari silang mabilis na makalayo at mawala sa paningin ng mga tagapag-alaga.
Kaya namn, mahalagang maging mapagmatyag sa tuwing namamasyal. Upang maging ligtas at masaya ang inyong pamamasyal, narito ang mga ilang gabay sa pag-iwas sa pagkawala o pagdukot sa bata at ang impormasyon tungkol sa paunang pagpaparehistro ng fingerprint.

## Mga Dapat Gawin ng Magulang(tagapag-alaga)

- ☐ Irehistro nang maaga ang fingerprint, litrato, at impormasyon ng bata at ng magulang/tagapag-alaga.
- ☐ Huwag iwanang mag-isa ang bata sa bahay.
- ☐ Laging samahan ang inyong mga anak.
- ☐ Gumamit ng mga kagamitang pang-iwas sa pagkawala ng bata tulad ng ID bracelet o kuwintas.
- ☐ Tandaan ang mga mahahalagang impormasyon ng mga bata(taas, timbang,kaarawan, at mga natatanging katangian )
- ☐ Alamin ang pang-araw-araw na aktibidad at mga malalapit na kaibigan ng bata.
- ☐ Ugaliing regular na mag-update ng litrato ng bata.



## Mga Dapat Gawin Kapag Nawawala ng Bata

1. Hanapin muna ang mga kalapit na lugar at humiling ng anunsyo sa information desk o lost child center.
2. Tumawag agad sa 112 o 182 at iulat ang pagkawala sa Pulisya at Missing Children Center.

## Mga Paalala sa Palaruan at Parke

- ☐ Magtakda ng oras ng pag-uwi at sundin ito.
- ☐ Huwag maglaro nang mag-isa; makipaglaro kasama ang mga kaibigan
- ☐ Maglaro lamang sa maliwanag at ligtas na lugar kung saan nakikita ng magulang o tagapag-alaga.
- ☐ Kapag may estrangherong nanghihikayat,sumigaw ng: “ AYOKO!”, “HINDI!”, “TULUNGAN NINYO AKO!”
- ☐ Huwag kailanman sumama sa hindi kakilala!

### Tatlong Hakbang Na Dapat Gawin Kapag Nawawala

1. Huminto!- Manatili sa lugar kung saan huling nakita ang pamilya at maghintay.
2. Mag-isip!- Ulitin sa isip ang iyong pangalan, pangalan ng iyong mga magulang, at numero ng telepono.
3. Humingi ng Tulong!- Kung hibdi pa rin dumarating ang pamilya, lumapit sa isang mapagkakatiwalaang nakatatanda at humingi ng tulong.

※ Pinagmulan: Website ng Child Rights Protection Agency-Missing Children Specialized Center


## Paunang Pagpaparehistro ng Fingerprint ng Anak

### ✔ Ano ang paunang pagpaparehistro ng fingerprint at iba pang impormasyon?

Ito ay isang sistemang naglalayong mapabilis ang paghahanap sa bata sakaling siya ay mawala. Ang fingerprint,litrato,at ibang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng tagapag-alaga ay inilalagay nang maaga sa sistema ng pulisya upang magamit agad ang mga nakarehistrong datos kapag may naiulat na pagkawala ng bata.

### ✔ Paraan ng pagpaparehistro ng fingerprint at iba pang impormasyon

Maaaring magparehistro sa pinakamalapit na istasyon ng pulisya, o maaari ring magparehistro mula sa bahay gamit ang mobile app na Safe DREAM(안전DREAM)




※ Pinagmulan: Blog ng National Police Agency